

Central Puget Sound Transit Authority

dBa, Sound Transit

Pamamaraan sa Paghain ng Reklamo kaugnay ng Americans with Disabilities Act

Ang Pamamaraan sa Paghain ng Reklamo na ito ay itinaguyod upang matugunan ang mga iniaatas sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa Mga Amerikanong may Mga Kapansanan) ng 1990. Maaari itong gamitin ng sinumang nais maghain ng reklamo na nagpapatang ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa pagbibigay ng mga serbisyo, aktibidad, programa, o benepisyo ng Central Puget Sound Transit Authority, dBa Sound Transit. Pinamamahalaan ng Mga Polisiya sa Tauhan ng Sound Transit ang mga nauugnay sa mga empleyado na reklamo sa diskriminasyon batay sa kapansanan. Dapat nakasulat ang reklamo at kabilangan ng impormasyon tungkol sa pinapatang na diskriminasyon tulad ng pangalan, address, numero ng telepono ng nagrereklamo at lokasyon, petsa, at paglalarawan ng problema. Ang mga alternatibong paraan ng paghahain ng reklamo, tulad ng harapang interbiyu o rekording sa tape ng nagrereklamo ay gagawing available para sa mga taong may mga kapansanan kung hiniling. Dapat isumite ng nagrereklamo at/o ng kaniyang itinalaga ang reklamo sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa 60 araw ng kalendaryo pagkatapos ng ipinapatang na paglabag sa:

Michael Miller
Sound Transit
401 S. Jackson St.
Seattle, WA 98104
(206) 689-4927, TTY Relay: 711

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula nang matanggap ang reklamo, makikipagkita si Michael Miller o ang kaniyang itinalaga sa nagrereklamo upang talakayin ang reklamo at ang mga posibleng resolusyon. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagpupulong, tutugon si Michael Miller o ang kaniyang itinalaga sa pamamagitan ng sulat, at kung naangkop, sa pamamagitan ng format na madaling ma-a-access ng nagrereklamo, tulad ng malalaking titik o Braille. Ipapaliwanag ng tugon ang posisyon ng Ahensiya at mag-aalok ng mga pagpipilian para sa makabuluhang resolusyon ng reklamo.

Kung hindi kasiya-siyang nalutas ng tugon ni Michael Miller o ng kaniyang itinalaga ang isyu, maaaring i-apela ng nagrereklamo sa Direktor ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Pagpapatupad (Director Operations Support Services) o sa kaniyang itinalaga ang desisyon sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos matanggap ang tugon. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula nang matanggap ang apela, makikipagkita ang Direktor ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Pagpapatupad o ang kaniyang itinalaga sa nagrereklamo upang talakayin ang reklamo at ang mga posibleng resolusyon. Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo ng pagpupulong, tutugon ang Direktor ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Pagpapatupad o ang kaniyang itinalaga sa pamamagitan ng sulat, at kung naaangkop, sa pamamagitan ng format na madaling ma-a-access ng nagrereklamo, nang may panghuling resolusyon ng reklamo.

Ang lahat ng mga nakasulat na reklamo na natanggap ni Michael Miller o ng kaniyang itinalaga, apela sa Direktor ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Pagpapatupad o sa kaniyang itinalaga, at ang mga tugon mula sa dalawang opisina ng ito ay pananatilihin ng Ahensiya nang hindi bababa sa tatlong taon.